

Panlipunan at Pang-emosyonal na Pag-unlad

Sa sandaling ipinanganak ang iyong sanggol, maaari mo siyang simulang turuan na magtiwala, magmahal at kumonekta sa iba sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang malapit na ugnayan sa kanya (tingnan ang [Pagbubuo ng Pagkakalapit](#) at [Pag-unlad ng Utak](#)).

Unang buwan

- nakikipagkontak sa mata at ngumingiti
- nagsisimulang magtiwala sa tagapagbigay ng pangangalaga
- umiiyak kung kulang o sobrang napasigla
- maaaring magsimulang patuloy na umiiyak (tingnan ang [Pag-iyak](#))

Ika-2 buwan

- pinag-aaralan ang mga mukha
- ipinapakita ang personalidad
- ngumingiti pabalik sa iyo
- umiiyak upang matugunan ang mga pangangailangan
- ang pag-iyak ay maaaring pinaka-paulit-ulit

Ika-3 buwan

- maaaring tumawa nang malakas
- nalalaman ang pagkakaiba sa pagitan ng magulang at estranghero
- humihinto sa pag-iyak kapag pumasok ka sa silid
- ang patuloy na pag-iyak ay karaniwang humihinto

Ika-4 na buwan

- tumatawa nang sobra kapag nakikiliti
- binabati ang tagapagbigay ng pangangalaga
- ginagalaw ang mga braso upang sumenyas na “kargahin mo ako”
- nasisiyahan sa pakikipag-ugnay sa lipunan

Ika-5 buwan

- lumilingon tungo sa nagsasalita
- itinutulak palayo ang mga bagay na hindi niya gusto

Ika-6 na buwan

- kumokopya ng mga ekspresyon ng mukha
- gumagawa ng mga ingay at mga paggalaw upang ipakita ang mga mood
- maaaring nahihiya o natatakot sa mga estranghero
- tumutugon sa kanyang pangalan
- nagugustuhan ang kanyang repleksyon



PANGANIB

Ang pagkakalag sa isang sanggol, kahit para sa ilang mga segundo, ay maaaring magdulot ng pinsala sa utak, pagkabulag o kahit kamatayan. Siguraduhin na ang lahat ng nag-aalaga sa iyong sanggol ay nag-aaral na makayanan nang mahinahon ang kanyang pag-iyak.



TAGAPAGBUO NG UTAK

- Yakapin at aliwin ang iyong sanggol kapag umiiyak siya o nababalisa.
- Ngumiti pabalik kapag ngumingiti siya at nakikipag-ugnay sa mata.
- Hawakan siya, hipuin siya at yakapin siya nang balat-sa-balat.
- Magbasa sa kanya.



ALAM MO BA

Hindi posible na palakihin sa layaw ang isang bagong sanggol. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga minamahal na sanggol ay mas gumagawa ng mas mahusay sa lahat ng paraan. Suportahan ang iyong anak sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng maraming mga yakap at mga ngiti at sa pag-aaliw sa kanya kapag siya ay umiiyak.



KUWENTO NG PAMILYA

Sinabi ng aking biyenang pinapalaki ko sa layaw ang aming sanggol sa pamamagitan ng sobrang pagkarga sa kanya at pagbubuhay sa kanya kapag nanliligalig siya. Ngunit alam ko na ito ay hindi totoo. Ang pagbibigay ng atensyon sa kanya ay nakatulong sa kanya na maging isang nagitiwala at kalmadong batang babae.